Introduction to Biblical Christian Worldview

© Conrad Jun Tolosa
Revised March 20, 2020

Part Two. Ang Tungkol sa Diyos

1) Ang Diyos ay napakatayog o transcendent.

Ang Diyos ay napakatayog o *transcendent*. Siya ay lampas pa sa pinakamataas at pinakamalalim na pang-unawa ng tao. Ang pagiging matayog o *transcendent* ay katangian na hindi nasasakop ng panahon, kalawakan at kaisipan ng tao. Bagamat ang Diyos ay nasa kabuoan ng panahon, kalawakan at isipan, Siya ay lampas pa sa lahat ng ito. Ang Diyos ay walang kapantay sa karunungan at kaalaman. Tunay na napakatayog ng Kanyang kaluwalhatian at kadakilaan.

May mga attributes ang Lord being referred to by theologians as non-communicable at ang tawag ko dito ay *transcendent* attributes tulad ng mga sumusunod: aseity (self-sufficient), eternality (no beginning and no end), infinity (has no limits or limitless in His characteristics), spirituality (a spirit – not made of flesh and bones like man), glorious (maluwalhati), immutable (never changes), omnipotent (makapangyarihan), omnipresent (nasa lahat ng dako) at omniscient (knows everything).

Iyan ang mga transcendent attributes ng God na mayroon tayong idea subalit di natin gaanong nauunawaan sapagkat napakatayog ng mga attributes na ito.

Ang tanong ay ito: Kaya bang arukin ng isipan ng tao ang kabuoan ng Diyos?

Matutunghayan natin ang kuwento ng Tore ng Babel sa Genesis 11:1-8. Maraming taon ang lumipas matapos ang dilubyo. Dumami na naman ang mga tao. Ang paglaganap at paglalakbay nila ay patungong silangan. Dumating sila sa Shinar at doon sila ay namirmihan. Ang sabi nila ay ganito, *Magtatag tayo ng isang siyudad na may toreng aabot sa langit upang tayo ay magkapangalan, at hindi mapadpad sa iba't ibang dako ng mundo at magkahiwa-hiwalay*. Ito ay labag sa kalooban ng Diyos. Ginulo ng Diyos ang kanilang iisang wika. At dahil hindi na sila magkaintindihan, sila ay nagkanya-kanya ng landas. Hindi na natuloy ang paggawa ng toreng aabot sa langit. Natupad ang kalooban ng Diyos na punuin ng tao ang mundo.

Marami sa ating mga Pinoy ang mahilig magdunung-dunungan. Yun bagang mga *know it all*. Sila ay mahilig mamilosopo subalit wala namang pinagbabasihan ang kanilang salita kundi sariling haka-haka. Kadalasan yun lamang ang kanilang ginagawa sa maghapon - - ang dumaldal. Puro salita, kulang sa gawa.

Hindi kayang arukin ng isipan ng tao ang kabuoan ng Diyos. Kailangan niya ng tulong upang magkaroon siya ng sapat na pang-unawa tungkol sa Diyos. Ang sabi ng Diyos sa Isaiah 55:8-9 ay ito, *For my thoughts are not your thoughts, neither are your ways my ways,* declares

the LORD. *For as the heavens are higher than the earth, so are my ways higher than your ways and my thoughts than your thoughts*. Ibig sabihin, huwag na natin subukang unawain ng lubusan ang Diyos sapagkat di natin kakayanin.

Pag-isipan at Sagutin:

- Maraming naniniwala kay Cristo ang madalas mong mariringgan nito kapag may kinakaharap na desisyong gagawin "What would Jesus do?" Sa pagkaunawa mo sa iyong binasa, naaangkop ba na gamitin natin ang pangungusap na ito? Ipaliwanag ang iyong sagot.

© Revised March 20, 2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.